

**Paano ma-access ang mga proteksyon sa pag-uulat**

**1** **Hakbang 1: Kumuha ng payo**
Makipag-ugnayan sa isang unyon, sentrong pambatas sa komunidad, o akreditadong pangatlong partido para sa tulong sa iyong kaso ng pagsasamantala sa lugar ng trabaho.

**2** **Hakbang 2: Magpasertipiko**
Ang kasong pagsasamantala ay kailangang isertipiko ng isang kalahok na ahensya ng pamahalaan o akreditadong pangatlong partido.

migrantworkers.org.au/atp

**3** **Hakbang 3: Ipagbigay-alam sa Home Affairs**
Kumpletuhin ang Strengthening Reporting Protection Request Process form at isama ang iyong sertipikasyon.

**4** **Hakbang 4: Manatiling may kaalaman**
Makikipag-ugnayan ang Home affairs sa iyo kung may kailangang karagdagang impormasyon. Kung natugunan mo ang mga pamantayan, hindi makakansela ang iyong visa.


## Mahalaga/Importante

- Kailangan mong mangako na susundin ang mga kondisyon ng iyong visa sa hinaharap.
- Ang sertipikasyon ay isang malakas na ebidensya na inaayos mo ang isyu.
- Ang iyong paglabag sa visa ay hindi makakaapekto sa iyong hinaharap na aplikasyon ng visa kung matutugunan mo ang mga pamantayan.

## Pinagsamantalahan sa Trabaho?


Mga bagong proteksyon kung nag-ulat ka ng pagsasamantala sa lugar ng trabaho

# Magtanong tungkol sa Pagpapatibay ng mga Proteksyon sa Pag-uulat (Strengthening Reporting Protections)



This material was developed with funding from the Australian Government

**Tagalog**



Ang Pamahalaan ng Australia ay nagpakilala ng mga bagong proteksyon para sa mga may hawak ng pansamantalang visa na nakaranas ng pagsasamantala sa trabaho. Ang mga proteksyong ito ay dinesenyo na makatulong sa iyo na i-ulat mo ang pagsasamantala nang walang takot ng pagkansela ng visa.

## Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa garantiya laban sa pagkansela ng visa kung ikaw ay:

- May hawak ng pansamantalang visa na may mga karapatan sa trabaho, tulad ng:
    - Student visa (subclass 500)
    - Working Holiday visa (subclass 417)
    - Work and Holiday visa (subclass 462)
    - Temporary Work (Skilled) visa (subclass 457)
    - Temporary Skill Shortage visa (subclass 482)
    - Skills in Demand visa (subclass 482)
    - Temporary Work (International Relations) visa (subclass 403)
- Lumabag ng kondisyon sa visa na **kaugnay sa trabaho** dahil sa pagsasamantala sa lugar ng trabaho
- Nakaranas ng pagsasamantala **sa loob ng huling 12 buwan**
- Nakahingi ng tulong mula sa **kalahok na ahensya ng pamahalaan** o **akreditadong pangatlong partido**
- Sumasang-ayon sa kasulatan na **susunod sa mga kondisyon sa iyong visa** sa hinaharap

## Ikaw ay maaari pa ring magkaroon ng karapatan sa proteksyon laban sa pagkansela ng visa kung ikaw ay:

- May hawak ng **anumang pansamantalang visa** (kasama ang Bridging visa)
- Lumabag sa **anumang kondisyon** ng visa dahil sa pagsasamantala sa trabaho
- Humingi ng tulong mula sa isang **kalahok na ahensya ng pamahalaan** o akreditadong pangatlong partido
- Sumang-ayon sa kasulatan na **sumunod sa mga kondisyon ng visa** sa hinaharap

## Ano ang mga kabilang na pagsasamantala sa lugar ng trabaho?

Ikaw ay maaaring nakaranas ng pagsasamantala kung:

- Ikaw ay hindi nabayaran nang tama (o hindi kailanman)
- Ikaw ay pinilit na magbayad para sa isang trabaho
- Ikaw ay nagtrabaho sa hindi ligtas na mga kondisyon
- Ikaw ay sekswal na niligalig
- Nagbanta ang iyong amo na ikansela ang iyong visa
- Ikaw ay tinanggal sa trabaho nang hindi patas
- Ikaw ay pinilit na kumuha ng ABN gayong ikaw ay dapat na isang empleyado

Sa ganitong mga pagkakataon, ikaw ay magkakaroon ng karapatan sa garantiya laban sa pagkansela ng visa - na nangangahulugang hindi dapat kanselahin ng Kagawaran ang iyong visa kahit na lumabag ka sa mga kondisyon ng iyong visa. !

Sa ganitong mga pagkakataon, dapat isaalang-alang ng Kagawaran ang ebidensya ng pagsasamantala sa lugar ng trabaho kapag magdedesisyon kung ikakansela ang iyong visa. Maaari ka pa ring maprotektahan laban sa pagkansela ngunit hindi ito magagarantiyahan. !


UNIONS WA (08) 6313 6000 UNIONSWA.COM.AU/MWC